- Ay magbigay ng pangunahing halaga ang pagpapasa ng mga batas na naglalayong tulungan ang Pilipinas na makaahon sa pagbagsak ng ekonomiya at mabawasan ang kahirapan sa bansa.

## Science and Technology Watch

Isa sa pangunahing dahilan ng "global warming" na siyang nararanasan ng mundo ngayon at katalunan ng mga mahihirap na bansa ay ang paglabag sa "sustainable development principles."

Ang United Nations (UN) ay tumukoy sa "sustainable development principles" bilang modelo ng paggamit ng likas-yaman kung saan natutugunan ang mga pangangailangan ng tao habang pinananatili ang kalagayan ng kalikasan upang ang mga pangangailangan ay matugunan hindi lamang sa kasalukuyan kundi pati na rin sa susunod na henerasyon. Ang katawagang ito ay ginamit ng Bruntland Commission na siyang lumikha ng pinakamadalas na gamiting kahulugan ng "sustainable development" na "pag-unlad na tumutugon sa pangangailangan ng kasalukuyan pero hindi nakakabawas sa kakayanan ng susunod na henerasyon na tumugon sa sarili nilang pangangailangan."

May basehan sa Bibliya ang kahulugan ng "sutainable development."

Ayon sa Awit 145:4, "Sa alinmang lahi, ang iyong ginawa ay papupurihan, ihahayag nila ang mga gawa mong makapangyarihan." Sa kaso ni Elias, nang ipasa niya ang mga gawain ng Diyos kay Eliseo, ipinasa niya ang dalawang bahagi ng kapangyarihan ng Diyos. Dito, masasabi natin patungkol sa pangangasiwa ng mga likas-yaman, kapag inalagaan natin ang likas-yaman ng mabuti, magkakaroon pa ng karagdagan sa kayamanan at kagandahan para sa susunod na henerasyon. Subalit pawang kabaligtaran ang nangyayari ngayon.

Isa sa pinakamadaling paliwanag sa paglapastangan sa daigdig ay ang pagkabigong tumupad sa tamang pangagasiwa ng mga "renewable" (kagubatan at lupa) at "non-renewable" (langis at mineral) na mga likas-yaman. Bagama't ihinayag ng agham ang wastong pamamaraan ng pagkuha at paggamit ng mga likas-yaman, ang mga bansa sa "Western World", na siyang nagpakilala ng halos lahat ng teknolohiyang ginagamit, ang siya ring nangunguna sa paglabag ng mga tuntunin at prinsipyong kanilang itinataguyod. Ang mga mahihirap na bansa ang nagiging biktima ng mga paglabag na ito. Isang halimbawa dito ay ang Tokyo Protocol na humihimok sa pagbababa ng "carbon dioxide emissions" sa kapaligiran. Hanggang ngayon, ayaw pa ring pumirma ng Estados Unidos sa kasunduang ito, sapagka't ayon sa kanila, ito'y mangangahulugan ng marahas na pagbabago sa kanilang marangyang pamumuhay.

Ipanalangain natin:

- Na ang mga bansang gaya ng Pilipinas ay manindigan laban sa mga paglabag sa "sustainable development principles" sa pamamagitan ng pagtanggi sa malabis na pagkuha ng ating likas-yaman ng mga "multinational" na mga kompanya.
- Na ang mga pambansang pinuno ng gobyerno na mayroong kapangyarihang galing sa saligang batas na pumigil sa mga operasyon ng mga "mutinational companies" ay mabalutan ng integridad sa pagsasagawa nila ng kanilang mga tungkulin, sapagkat dito maraming uri na katiwalian - suhulan, pagbubulag-bulagan sa mga paglabag sa batas, pakikipagsabwatan sa paglabag sa mga batas pang kalikasan, atbp.
- Na ang pambansa at lokal na pamahalaan ay magkaroon ng tunay na malasakit para sa hinaharap ng ating bansa - kailangan nila ng tunay na pagkamakabayan, dahil kung hindi, wala ring pagbabago ang magaganap.

## Health Watch

Ipanalangain natin:

- Na mapagtanto ng lahat ng Kristiyanong health care providers na nasa ibang bansa na dinala sila ng Diyos doon sa kanilang kinaroroonan hindi lamang para sa pakinabang na makukuha nila pampinansiyal kundi upang sila'y maging misyonero sa lugar nila.
- Na ang kanilang pananampalataya ay lumakas, at sila ay magkaroon ng tapang at lakas ng loob na maging saksi para kay Kristo at magtagumpay sa Kanyang pangalan at kapangyarihan.
- Na ang mga health care workers na hindi pa mananampalataya at nagtratrabaho sa ibang bansa ay mabigyan ng Diyos ng mga makakasama sa trabaho na makakatulong sa kanilang makakilala kay Kristo.


For more information, please contact:
Intercessors for the Philippines, Inc.
#453 Calbayog St., Highway Hills, Mandaluyong City
(02) 533-5166 (02) 533-5183
http://ifphilippines.net
if_phils@yahoo.com / info@ifphilippines.net / tynf@ifphilippines.net


# Philippine Prayer Alert

Intercessors for the Philippines

**Two-Year National Fast Prayer Focus**

**JULY 2009**

### ANG 490 "REDEMPTION CYCLES"

*"Ang lungsod na ito at ang iyong mga kababayan ay binibigyan ng 490 taon upang tigilan ang pagsalansang, layuan ang kasamaan, at pagsisihan ang kasalanan. Pagkatapos, iiral na ang katarungan at magaganap na ang kahulugan nga pangitain. Itatalaga na ang Dakong Kabanal-banalan."* **Dan 9:24**

NI BISHOP DAN A. BALAIS

Kapag ginamit ang panuntunan na "omitted time periods," makikita natin na ang kasaysayan sa Bibliya ay nahahati sa apat na panahon, kung saan ang bawat kapanahunan ay tig-490 na taon, at may isang panahon na may 1,960 na taon, o 4 na 490 taon. Ang mga pahahon na ito ay kilala bilang **"Redemption Cycles."**

Ang kabuuan ng mga taon na nabanggit sa talaangkanan ng mga supling ni Adan at ni Noe hanggang sa kapanganakan ni Abraham ay **2,008** na taon. Makikita rin na may 48 na taon ang namagitan mula sa pagkamatay ni Abel at sa kapanganakan ni Set. Sa panahong iyon, ang orasan ng Diyos ay tumigil. Hindi naipagpatuloy ang Kanyang hangaring pagtubos sa tao sa pamamagitan ni Cain at ang kanyang mga supling. Kinailangan ng Diyos na hintayin hanggang si Set (ang hinirang) ay maipanganak. Kung ibababawas ang 48 sa 2,008, ang magiging resulta ay 1,960 (490x4).

Mula noong ipanganak si Abraham hanggang sa pag-alis mula sa Ehipto ay **505** taon ang lumipas. **Labinlimang taon** ang pagitan nina Ismael at Isaac. Muling naghintay ang Diyos na maipanganak ang bata na magiging ninuno ng Tagapagligtas. Pag ibinawas ang 15 mula sa 505, **490** ang matitira. Mula sa panahon ng Exodo hanggang sa paghandog ng templo ni Solomon, ang Bibliya ay nagtala ng 621 na taon. Subalit sa mga panahong iyon, may 7 kapanahunan kung saan ang mga Israelita ay sinakop ng kanilang mga karatig-tribo, gaya ng mga Filisteo. Ang haba ng panahong ito ay 131 na taon. Kapag ibinawas ang ang 131 sa 621, **490** ang matitira.

Mula sa paghahandog ng templo hanggang sa muling paggawa ng Jerusalem ni Nehemias ay **560** taon ang lumipas, subalit **70 taon** dito ay ang pagkabihag ng Jerusalem sa Babylon. Paano ibibilang ng Diyos ang panahong iyon? Muli, 490 taon lamang ang binilang sa panahong ito. Mula non hanggang sa pagkamatay ni Hesus sa Kalbaryo ay 490 taon. Ang kapanahunang ito ng 490 taong "cycle" ay nakasaad sa Banal na Kasulatan sa mga propesiya ni Daniel. Sabi sa Daniel 9:24, "Ang lungsod na ito at ang iyong mga kababayan ay binibigyan ng 490 taon upang tigilan ang pagsalansang, layuan ang kasamaan, at pagsisihan ang kasalanan. Pagkatapos, iiral na ang katarungan at magaganap na ang kahulugan nga pangitain. Itatalaga na ang Dakong Kabanal-banalan." Ito ang talata na siyang naging daan kay Sir Edward Denny (1796-889), isang Irlandes na baronet at kompositor, upang matuklasan ang paulit-ulit na 490 taon (490 year cycles).

Makikita rin natin ang 490 sa Bagong Tipan. Sinabi ni Hesus kas Pedro na magpatawad ng hindi 7 beses, kundi 70 beses ng 7; at ito'y 490! **Ang mga paulit-ulit na 490 taon ay makikitang kaugnay ng pagpapatawad at pagtubos sa kasalanan.** At ngayon, alam natin na sa ating bansa, parating na ang 490 taon sa 2010. Aleluya!

## Family Watch

Mga Efeso 5:22-25 - "Mga asawang babae, magpasakop kayo sa inyo-inyong asawa gaya ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon. Ito ay sapagkat ang asawang lalaki ay siyang ulo ng asawang babae, tulad ni Cristo na ulo ng iglesiya at tagapagligtas ng katawan. Kung papaanong ang iglesiya ay nagpasakop kay Cristo, gayundin ang mga asawang babae ay magpasakop sa sarili nilang mga asawa sa lahat ng mga bagay. Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawa tulad ng pagmamahal ni Cristo sa iglesiya at ipinagkaloob niya ang kaniyang sarili para dito."

Ipanalangin natin:

- Ang mga asawang lalaki: igalang ang kanilang kasal (na kanilang ipinangako sa harap ng Diyos) at mahalin nila ang kanilang mga asawa hindi lamang sa salita kundi pati sa gawa at respetuhin sila bilang mahihinang sisidlan (1 Pedro 3:7), upang walang maging hadlang sa kanilang mga panalangin.
- Ang mga ginang: na sila'y magpasakop sa kanilang mga asawa sa lahat ng bagay, liban na lang kung ang sinagihan silang gumawa ng kasalanan. Ipalanalangain natin na ang mga ginang ay magkaroon ng kagandahang hindi kumukupas dahil sa mapayapang espiritu, sapagka't ito ang kapamaraanan ng mga banal na babae sa kasaysayan, na naglagay ng kanilang pag-asa sa Diyos, upang maging maganda.
- Na magkaroon ng pagkakaisa sa pagitan ng mag-asawa; na maayos nila ang anumang pagkakaiba at di-pagkakasundo sa mapayapa at paraang kalugod-lugod sa Diyos. Ito ay mas mabuti sa kapamaraanan na siyang magdudulot ng hiwalayan, away, karahasan sa kababaihan o sa bata, o patayan (kagaya ng nangyari sa isang ginang na naibalita kamakailan - "According to court records, the wife left her two children after her husband slapped and punched her in the face and slammed her head on a cabinet. Her remains were recently found in a sealed metal drum off the waters of Navotas Port after she was reported missing two years ago. (Inquirer, 6/16/09)".
- Na ang mga ama ng tahanan ay maging mapalad na mga "entrepreneur" upang maitaguyod nila ang kanilang pamilya.

## Religion/Church Watch

*"Ngunit kapag hindi hinipan ng bantay ang trompeta pagkakakita niya sa mga sasalakay at may napatay sa kanyang kabayanan, ito ay pananagutan niya."*
**Eze 33:6**

Sa sandaling ito sa kasaysayan ng ating bansa, ang Iglesia ay kailangang gumanap sa tungkulin niya bilang bantay ng bansa (Isa 62:6-7). Katungkulan ng Iglesia na manalangin at pamagitanan ang ating bansa at maging boses ng kapahayagan upang maipahayag ang salita ng Panginon sa ating lahi, magbabala ng napipintong kaparusahan, at manawagan ng pagbabalik loob sa Diyos. Katungkulan din ng Iglesiya na itanghal ang kapakanan ng mga mahihirap, inaapi, at nakatanikala.

Ipanalangin natin:

- Na ang Iglesia at mga lider ng Iglesia ay manawagan sa buong lahing Filipino upang ihanda ang kanilang puso para sa nalalapit na pagdalaw ng Panginoon (Isa 40:1-9; Jer 4:3; Hos 10:12).
- Na ang kabuuang Katawan ni Kristo ay mamagitan, mag-ayuno, at manalangin para sa parating na pagbabago sa "spiritual season" ng bansa sang-ayon sa ika-490 taon mula nang ang Pilipinas ay nadiskubre at nabigyan ng pagkakakilanlang Kristiyano (1521 - 2010). Ito ay kahalintulad sa nakasaad sa Daniel 9:24.
- Na ang Iglesia at mga mamumuno nito ay maging boses ng katotohanan, katuwiran, at katarungan sa bayan at maging matapang at malakas ang loob sa pagsalita laban sa katiwalian at pagbaba ng moralidad ng ating lipunan.
- Na ang Iglesia at ang kabuuan ng "religious sector" ay manguna at pasidhiin ang mga "mercy ministries" at iba pang programang panlipunan upang matulungan ang mga mahihirap at mapaginhawa ang kanilang kalagayan (Isa 42:22; 58:1-14; San 1:27).

## Government Watch

Dahil sa global uncertainties (mga bagay na walang kasiguraduhan), tinatayang ang ekonomiya ng Pilipinas ay lalago lamang ng 0.6%-1.8% (June 2009) – higit na maliit kaysa inaasahan nuong isang taon (6.1%-7.1%, July 2008 estimate) - habang ang iba ay nangangamba para sa isang recession (hindi lumalago ang ekonomiya sa loob ng 6 na buwan). Upang matulungan ang pag-usad ng ekonomiya, kailangang maglabas ng pondo ang pamahalaan (government spending). Subalit nahihirapang magtalaga ng pondo ang pamahalaan para sa mga proyekto nito dahil: (a) talamak ang tax evasion/avoidance i.e. 30% ng potensyal na buwis ay hindi nakokolekta, (b) matumal ang pagnenegosyo at marami ang nawawalan ng trabaho, (k) tinaasan ang tax deductions ng individual taxpayers, at (d) bumaba ang tax rate para sa korporasyon sa 30% mula 35% ng kita ng kumpanya.

Ipanalangin natin:

- Ang mga opisyal ng pamahalaan, lalo na yung may kinalaman sa pagpatakbo ng ating ekonomiya, ay hindi nagambala dahil sa mga usap-usapan tungkol sa pagpapalit ng Konstitusyon (Cha-Cha) at pagbuo ng Constituent Assembly sa Congreso (Con-Ass), pangangampanya ng maaga ng ilang politico at iba pang mga katulad na isyu.
- Ang mga tao ng pamahalaan – mula pinuno hanggang maliit na empleyado – ay magiging matalino sa paggasta ng kanilang budget. Hinahamon ni propeta Cindy Jacobs ang Body of Christ na manalig na kayang wakasan ng Diyos ang corruption sa pamahalaan. Bilang intercessors, tawagin natin ang mga bagay na wala pa na parang nariyan na (Roma 4:17); ideklara natin ang "zero corruption" sa gobyerno.

Ang buwis (tax collections) ay ipapasok sa kaban ng pamahalaan. Ang mga lingkod ng Diyos ay dapat magtaas ng pamantayan (raise up standards) sa pagbubuwis at magsulong ng katuwiran (righteousness). Bilang mamimili, humingi tayo ng resibo at hanggat maaari, tangkilikin natin ang mga nagbabayad ng tamang buwis at sumusunod sa batas. Bilang negosyante, iuulat natin ang tamang kita atmagbabayad tayo ng nararapat na buwis sa BIR at sa Treasury (i.e. hindi makikipagsabwatan sa mga likong gawain).

### ANG SANGAY NG LEHISLATURA

Ipanalangin natin ang mga nasa sangay ng Lehislatura (Kongreso at Senado):

- Ay magkaroon ng tunay na pagkatakot sa Diyos at hindi pakitang-tao lamang;
- Ay makitaan na dapat ay hindi lamang sila taga-gawa ng mga batas kung hindi maging tagasunod din sa mga batas;
- Ay kikilos nang buong tapat at laging uunahin ang interes ng publiko at ng bansa at hindi ang mga maka-sarili at ganid na mga interes. Na mapagisip nila na sila ay nasa kanilang mga posisyon upang makatulong sa pagpapaunlad ng kalidad ng buhay sa Pilipinas;